【タガログ語／Tagalog】

（令和８年度　保護者用リーフレット）

愛知発の新しい学び方

# 「ラーケーションの日」

Learning（学び）＋Vacation（休暇）
（ラーニング）（バケーション）



Sa Aichi Prefecture, itinatag ang “Lear-cation Day” upang suportahan ang pagkatuto at praktikal na karanasan ng mga bata sa bahay.

Pinagsasama ng “Lear-cation” ang pag-aaral ng bata at bakasyon ng magulang. Gamitin ang pagkakataong ito upang magplano ng mga aktibidad sa labas ng paaralan kasama ang iyong anak sa mga araw ng weekday.

令和８年１月

愛知県教育委員会

安城市教育委員会

## Ano ang Lear-cation Day?

Ang "Lear-cation Day," na nilikha bilang bahagi ng proyekto ng Aichi Prefecture na "Rest Style Reform," ay

**Araw para sa mga bata na magplano at magsagawa ng pagkatuto sa labas ng paaralan kasama ang kanilang mga magulang sa weekday.**

Dahil ito ay independent learning sa labas ng paaralan, **hindi itinuturing na absent ang bata** at tinatrato tulad ng excused leave. Kasabay ng bakasyon ng magulang, **maaaring kunin ito hanggang 3-beses sa isang taon**.

## Lear-cation Day – Activity Examples

Nagsisimula ang "Lear-cation Day" sa pag-usap sa iyong anak kung "ano ang nais niyang pag-aralan", gamit ang "learning keywords" o mga activity examples bilang gabay. Sama-sama kayong magplano ng learning fun sa labas ng paaralan!

■ Learning Keywords ■

Nature · Science · Environment · Experiments · Observation · Industry · Sports · Culture · Arts · History · Geography · Traditional Performing Arts · International Understanding · Welfare · SDGs · Field Trips · Creative Activities · Appreciation · Careers...

### Rediscover! Explore Local Historical Sites

Sa mga weekday, maaari niyo bisitahin ang mga historical sites at makinig sa detalyadong paliwanag mula sa mga gabay. Maraming historical sites sa paligid na hindi mo inakala!



### Found It! Explore the Plants in the Park

Sama-samang alamin ang tungkol sa mga halaman na matagpuan sa inyong garden o park kasama ang iyong anak. Maraming pagkakataon para matuto sa paligid natin!



### The Joy of Harvest
### Experience Harvesting with Your Family



Paano lumalaki ang mga gulay na kinakain natin? Subukan ang mga karanasan tulad ng pag-ani kasama ang pamilya—mga bagay na hindi karaniwang nagagawa!

### Artists Together
### Compare Each Other's Best Work



Maraming magagandang tanawin malapit lang sa bahay. Magdrawing kasama ang pamilya at ihambing ang inyong mga likha!

### Use Your Senses – Get Close to Nature

Panuorin ang tanawin, pakinggan ang huni ng mga ibon, damhin ang sariwang hangin... Bakit hindi mas lumapit kayo sa kalikasan? Maraming matututunan mula rito!



### Feel Like a Chef
### Put What You Learned in Class to Use

Gamitin ang natutunan sa klase sa Home Economics at subukan ang pagluluto! Baka makabuo pa kayo ng original recipe ng pamilya.



# Lear-cation Day – How to Submit Your Notice

## 1　Gumawa ng Plano

Magplano ng "Lear-cation Day" kasama ang iyong anak.

**Planning**
① Araw ng aktibidad　② Lugar ng aktibidad　③ Ano ang pag-aaralan

＜Mga Dapat Tandaan＞

- ☐ **Hanggang 3 Araw Bawat Taon**
- ☐ **Kailangang kasama ang magulang o tagapag-alaga sa aktibidad**
- ☐ Ang hindi natutunan sa klase na lesson ay dapat **pag-aralan sa bahay**.
- ☐ **Hindi laging kailangan pumunta sa malalayong lugar.**

※ Sa portal website ng prefecture para sa "Lear-cation Day," makakahanap kayo ng mga resources tulad ng "Lear-cation Cards" para makatulong sa pagpaplano ng aktibidad, pati na rin mga lugar at halimbawa ng aktibidad para sa iba't ibang karanasan sa pagkatuto. Gamitin ito bilang gabay.

「ラーケーションの日」ポータルサイト

「ラーケーションの日」活動例

## 2　Isumite ang Abiso

Isumite nang maaga ang Lear-cation Card sa homeroom teacher.

＜Mga Dapat Tandaan＞

- ☐ **Sa karaniwan, kailangan isumite ang abiso ng hindi bababa sa 14 na araw bago**.
  Ito ay upang matiyak ang ligtas na pagkain sa paaralan at maayos na pamamahala ng pagkain. Puwede ring magsumite sa mismong araw.
- ☐ **Walang araw o panahon na hindi puwedeng kunin ang "Lear-cation Day."**
  Tingnan ang taunang o buwanang iskedyul ng bawat paaralan para sa mga school events at exams, at gumawa ng desisyon sa inyong tahanan.

## 3　Lear-cation

Mag-explore at matuto sa labas ng paaralan kasama ang anak.

## 4　Review

Pag-usapan ang natutunan kasama ang anak at planuhin ang susunod na aktibidad.




## Q1 Bakit naggawa ang Aichi-ken ng "Lear-cation Day"?

A1 Nagsimula ang Aichi Prefecture ng isang proyekto "Rest Style Reform" upang matulungan ang mga tao na magkaroon ng mas maayos na balanse sa trabaho at pamilya, at palakasin ang komunidad. Bilang bahagi nito, nilikha ang "Lear-cation". Ayon sa pag-aaral ng Ministry of Internal Affairs and Communications, humigit-kumulang 45% ng mga tao ang nagtatrabaho tuwing Sabado at mga 30% naman tuwing Linggo, kaya' t maraming pamilya ang nahihirapang magsama-sama sa mga day-off. Upang matulungan ang mga pamilyang ito, nilikha ang Lear-cation upang mabigyan ng pagkakataon ang mga magulang at mga anak na matuto at makilahok sa mga gawain ng magkasama sa mga weekdays.

## Q2 Maaari bang gamitin ang "Lear-cation Day" ng sunod-sunod na araw? Maaari bang gamitin ang mga natirang araw sa susunod na taon?

A2 Maaaring gamitin ang "Lear-cation Day" ng sunod-sunod na araw, ngunit ang mga natirang araw ay hindi maaaring ilipat sa susunod na taon ng pasukan.

## Q 3 Maaari bang maglakbay o magbakasyon sa "Lear-cation Day"?

A3 Ang Lear-cation ay pinagsamang pagkatuto ng mga bata at bakasyon ng mga magulang, kaya kailangan may pag-aaral. Maaari kayong maglakbay kung may kasamang pagkatuto. Dahil ang Lear-cation ay kapalit ng isang mahalagang araw ng klase, makipag-usap muna sa pamilya at magplano nang maayos.
Maaari ring gawin ang Lear-cation kahit hindi lumabas ng bahay.

## Q4 Anong uri ng mga gawain ang maaaring maging Lear-cation?

A4 Ang mga gawain sa Lear-cation ay dapat: ①Gawin kasama ang magulang ②Pagkatuto o mga aktibidad na may karanasan
Ang mga gawaing tumutugon sa ①②ay tinatawag na Lear-cation.
Gamitin ang "Lear-cation Day Activity Examples" o ang "Learning Keywords" para pag-usapan ng bata kung ano ang matututuhan. Maraming bagay na matututuhan kahit sa mga lugar malapit sa bahay.

## Q 5 Ano ang mga pagbabago kumpara sa nakaraang taon?

A5 Walang pagbabago simula 2025.

＜Contact Info＞

■ About the General Lear-cation System
Aichi Prefectural Board of Education – Compulsory Education Division 052-954-6799

■ About Submitting Forms and Notifications
Anjo City Board of Education 0566-71-2254